ANG SALOOBIN NG MGA MAG-AARAL HINGGIL SA PAGGAMIT NG AWTENTIKONG TEKSTO SA PAGBASA SA FILIPINO

Ma. Luisa M. Cantillo
College of Liberal Arts, Criminology and Education

Mahalagang malaman ng mga guro sa wika ang saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang tekstong binabasa, gayunding magkaroon ng kamalayan sa iba pang tipo ng teksto katulad ng awtentikong teksto na bihira lamang ipagamit sa loob ng klase. Maaari din naming subukang ipagamit ang ganitong tipo ng teksto sa pagbasa hindi lamang kung ano ang nasa aklat (inilapat na teksto). Ang mga saloobin ng mga mag-aaral sa awtentikong teksto ay magagamit ng mga guro upang gawing indikasyon sa pagpili ng angkop na tekstong gagamitin sa pagbasa na kaugnay sa paksang tinatalakay. Nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin ang kabisaan ng awtentikong teksto sa pagbasa sa Filipino sa pamamagitan ng ginawang pagtataya at nakuhang saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng awtentikong teksto. Sa simula ng ikalawang semester taong panuruan 2014-2015 ay namili ang mananaliksik ng mga kalahok upang maging bahagi sa isinagawang pag-aaral. Nagbigay ng parehong talatanungan bago at matapos ang isinagawang interbensyon sa loob ng klase upang makitaang lebel ng kabisaan ng teksto ng ipinagamit sa pamamagitan ng pagtataya ng mga kalahok. Lumabas sa pag-aaral na lubhang positbo ang nagging pagtingin ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng inilapat at awtentikong teksto. Ayon sa kanilang pagtataya ay lubhang epektibo ang paggamit ng awtentikong teksto. At sa ginawang paghahambing ng mga datos sa inilapat at awtentikong teksto, lumabas na wala itong pagkakaiba at parehong lubhang epektibo o magkatulad ang kabisaan nito sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Kung kaya, iminumungkahi na maaari ding gamitin ang awtentikong teksto sa pagbasa sa Filipino sapagkat napatunayan na lubhang epektibo din ito.